PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
2024 hunyo 18

# MILITAR SA MGA BARYO NG AURORA, PALAYASIN!

Wala ng labanan. Minuto nga lang ang naganap na engkwentro sa pagitan ng AFP at NPA noong Mayo 20, Mayo 21 at Mayo 28 sa Aurora, pero tila wala ng balak umalis sa mga baryo ang mga militar. Kung hindi sa mismong Day Care Center, Brgy. Hall o eskwelahan, ang mga army ay nasa sentrong baryo ng Wenceslao, San Joaquin, Baubo, Bazal, Diaat, Kadayakan, sa Maria Aurora, at sa Diamanin, Toytoyan, Puangi , Salay sa Dipaculao. Ibinalik ang kampo ng CAFGU sa Dibutunan, sa Dipaculao. Pati ang baybaying baryo at kapatagan ng San Luis ay inistasyunan na din ng militar. Salitan ang pa-miting ng pulis at army sa mga residente. ng naturang mga baryo. Binawal ang mga residente sa pagpunta sa bundok, o sa kanilang mga uma sa labas ng baryo. Bilang pakonswelo sa ginagawa nilang pamimerwisyo, namimigay sila ng stub para makakuha ng ayudang pagkain sa DSWD. Kapalit ng stub ay pagkuha sa numero ng telepono ng mga residente para sa ibayong paniniktik ng militar sa pribadong buhay ng mga sibilyan.

Habang paulit-ulit na dinideklara ng 7th Kaugnay Division na kontrolado nila ang kaayusan at kapayapaan sa Aurora, sila naman itong itong patuloy na naghahasik ng takot at ligalig sa taumbaryo dahil sa kanilang pagkakampo at pakitang pwersa na pagpapatrolya. Ang matindi pa, sapilitan nilang isinasama sa pagroronda ang mga brgy. Tanod. "Hindi kami makatanggi. Sigurado daw kasi na hindi sila maambus ng NPA pag may kasama silang sibilyan." Pailing-iling na pahayag ng isang tanod sa Brgy. Bazal sa panayam ng Pulang Silangan.

Army ang nagdadala ng kaguluhan sa baryo. Naglalasing, nambabastos sa kababaihan at matatanda, naninindak, nag-aakusa ng kung anu-anong kaso sa mga sibilyan. Populasyong sibilyan ang tunay na target ng panggugulo ng army sa baryo. Binabantayan nila ang taumbaryo para diumano ay hindi makaugnayan ng NPA. Habang bantay-sarado nila ang mga baryo, rumaratsada naman ang mga usapan at kasunduan sa pagitan ng gubyernong Ferdinand "Bong-Bong" Marcos Jr, gubyernong US at mga dayuhang kumpanya sa industriyang militar para ganap ng itransporma ang APECO na maging military industrial zone. Diumano, layunin nito na palakasin ang depensa ng bansa sa Silangang baybayin. Magiging sentro ito ng pagmamantine at pagkukumpuni ng mga sasakyang panghimpapawid ng militar. Magiging sentro din ito ng pagmamanupaktura ng mga drone. Sa estratehikong kabuluhan, pagpapalakas ito ng kapangyarihang militar ng imperyalistang US sa Karagatang Pasipiko at pagpapakita ng kagustuhan nitong kopohin ang pakinabang sa rekursong makukuha sa Benham Rise.

Bakit may army pa rin hanggang ngayon sa mga baryo ng Aurora? Kasi nga, natatakot ang estado sa pagbabangon at paglaban ng mamamayan ng Aurora. Ang kaso, lalo lamang nitong pinupukaw ang patroyotiko at maka-masang kamalayan ng mamamayan. 🔥

**MGA DAPAT GAWIN:**

- Ipetisyon sa Brgy Council, Munisipyo hanggang sa Sangguniang Panlalawigan ang pagpapalayas sa mga army at pulis sa baryo. Magkalap ng libu-libong pirma para palayasin ang militar.
- Sampahan ng kaso ang mga abusadong militar. Pangalanan ang mga army na nagnanakaw ng mga hayop at kagamitan sa bukid ng magsasaka, mga bastos at mga masasangil na nagbabanta at nananakot sa mga sibilyan.
- Obligahin ang mga abusadong army na magbayad ng danyos perwisyo sa kanilang mga nasirang pananim at iba pang mapangperwisyo na aktibidad sa baryo.